タガログ語版／Tagalog



# Gifu Prefecture Public Relations
# Balita mula sa Prepektura ng Gifu

**Pebrero, 2018**

●Populasyon sa Prepektura
**2,010,533** (Nabawasan ng 165 katao)
Lalaki: 974,495 (Nadagdagan ng 113 katao)
Babae: 1,036,038 (Nabawasan ng 278 katao)
※Nobyembre 1, 2017 hanggang sa kasalukuyan.
※Inihambing sa ( ) ng nakaraang buwan.
Para sa bagong impormasyon, tignan ang homepage ng Gifu Prefectural Statistics Division

**Facebook「清流の国ぎふ」**
**Kasalukuyang Makikita sa Minamo Dayori!!**
岐阜県 ミナモだより hanapin

**Prefectural Government Public Relations TV Program**
**「Gifu Prefecture Government Hotline」- Televise**
**(Palabas) Huwebes 18:53 ~ 18:57**
**(Replay) Martes 21:54 ~ 21:58**

Naghahatid rin ng 「Balita mula sa Prepektura ng Gifu」 sa palabas sa ***Gifu Chan*** (Channel 8) !

Pindutin ang **"d" button** para makuha ang lokal na impormasyon!



## Mga Napiling Kaganapan para sa Buwang Ito

### "Mori no Gochiso Fair 2018"






Larawan ng putaheng ihahanda sa 'Mori no Gochiso Fair'

Sa prepektura ng Gifu, pinangalanan at pino-promote bilang "*Mori no Gochiso*" ang mga Gifu game meat (usa at baboy-ramo).

Ang 'Mori no Gochiso Fair 2018' ay magbubukas nitong Pebrero sa mga restawran sa loob at labas ng prepektura at ihahain ang mga putaheng may Gifu game meat.

◆**Petsa:** Pebrero 1 (Huwebes) ~28 (Miyerkules)
◆**Para sa mga Katanungan:** Gifu Prefectural Rural Development Division ☎ 058-272-8422 (tumutugon sa wikang hapon lamang)
◆**Hanaping salita:** ぎふジビエ

### 'Asian Junior Rikujou 2018' Start- up Event, Magbubukas!




Championship Poster

Bilang paggunita sa unang "The 18th Asian Junior Athletics Championship" na gaganapin sa bansang Hapon nitong Hunyo, magkakaroon ng start- up event 100 days bago ang championships.
Maraming pag- aaliwan sa event, tulad ng track-and-field experience stamp rally (magbibigay ng giveaways), mascot show, at darating ang *judoka* na si Shinichi Shinohara at ang dating Japan national team soccer representative na si Masakiyo Maezono sa event at ipapatugtog ang na-record na radio program: "Shino- Zono Ongakudou", atbp. Halina't maki saya!

◆**Petsa:** Marso 3 (Sabado) 10:00~ 15:00
◆**Lugar:** Gifu Memorial Center
(Gifu-shi Nagara Fukumitsuono 2675-28)
◆**Participation Fee:** Libre
◆**Para sa mga Katanungan:** Sports Promotion Division Asian Junior Athletics Championships Promotion Office
☎058-272-8869 (sa wikang hapon lamang)
FAX 058-278-2633

## Kahon ng Impormasyon

**Impormasyon Pagbukas ng 'Mundo ng Pansy at Viola' Exhibit**

Ang Hana Festa nitong tag- lamig ay pinalamutian ng humigit kumulang 400 uri ng mga pansy at viola. Ito ang pinakamalaki sa loob ng Chubu Region. Tamasahin ang kagandahan ng iba't ibang uri, kulay at anyo ng mga bulaklak na ito.
●**Petsa:** Pebrero 3 (Sabado)~ 25 (Linggo)
●**Lugar:** Flower Festival Commemorative Park (Kani-shi)

●**Bayad:** Adulto- ¥520; libre para sa mga Senior High students pababa
●**Para sa Katanungan:** Flower Festival Commemorative Park ☎0574-63-7373 (wikang Hapon lamang)
●**Hanaping salita:** 花フェスタ記念公園

**Pangangalap** **Nangangalap ng mga Sasali sa "Gifu Agri- Challenge Fair 2018"**

Magbubukas ng indibidwal na konsultasyon para sa mga tao o negosyong nais kumonsulta tungkol sa industriya ng agrikultura, nagsisimulang magtrabaho sa agrikultura, o nais magtrabaho sa mga agricultural corporation, atbp.
●**Petsa:** Pebrero 25 (Linggo) 10:30~ 14:30
●**Lugar:** Juroku Plaza (Gifu-shi)
●**Bayad:** Libre
●**Para sa mga Katanungan:** Gifu Agri- Challenge Support Center
Prefectural Agricultural and Farming Public Corporation ☎058-215-1550 (wikang hapon lamang)
●**Hanaping salita:** ぎふ就農ナビ

**Impormasyon** **Gaganapin ang "Pambansang Fire Prevention Movement ng Tag- sibol"**

Pinatupad ang "Pambansang Fire Prevention Movement ng Tag- sibol" upang palawakin ang kamalayan tungkol sa pagiwas at paghanda sa sunog. Ginawa ito sa tag- sibol dahil ito ang panahon na tuyo ang hangin at madaling magkaroon ng sunog. Sa panahong ito, gaganapin ang iba't ibang fire drill o lecture, atpb. na aktibidad sa loob ng prepektura. Gamitin ang oportunidad na ito upang palawakin ang kaalaman at kakayahan sa pagsugpo ng sunog!

=Pambansang Slogan para sa Fire Prevention nitong FY2017=

**"Magingat sa Apoy. Ang inyong mga Salita, gawing Aksyon, gawing Kaugalian"**

●**Petsa:** Marso 1 (Huwebes)~ 7 (Miyerkules)
●**Para sa mga Katanungan:** Gifu Prefectural Fire Services Division o Fire Department sa inyong munisipyo

**Impormasyon** **Commemorative Concert para sa Ika- 800 Taong Itinatag ang University of Salamanca**

Ang commemorative performance ay nakasentro sa mga musikang may relasyon sa Espanya. (Orchestral music: Nagoya Philharmonic Orchestra, Guitar: Canizares, atbp.)
●**Petsa:** Abril 14 (Sabado) 16:00~
●**Lugar:** Salamanca Hall (Gifu- shi)
●**Bayad (Tickets):** S- seat ¥4,500; A- seat ¥ 3,500; at Half- price para sa mga estudyante
●**Lugar ng Bentahan:** Salamanca Hall Ticket Center ☎058-277-1110 (wikang Hapon lamang)
●**Paraan ng Pagbili:** Bilhin sa counter o tumawag para sa reserbasyon
●**Simula ng Pagbenta:** Pebrero 2 (Biyernes)
●**Para sa Katanungan:** Salamanca Hall ☎058-277-1113 (wikang Hapon lamang)
●**Hanaping salita:** サラマンカホール

**Impormasyon** **Bumili ng "Valentine Jumbo Lottery (Takarakuji)" sa loob ng Prepektura!**

Humigit-kumulang 40% ng nabebentang loterya sa loob ng prepektura ay nagiging kita ng Gifu. Ginagamit ito sa pagtaguyod ng munisipalidad, mga aksyon para sa tumatandang populasyon at bumababang birthrate ng lipunan, atbp. Kung kaya't para sa mga bibili ng loterya, mangyaring tangkilikin at bumili sa mga tindahan sa loob ng Gifu.
▲**Petsa ng Pagbenta:** Enero 31 (Miyerkules) ~Pebrero 23 (Biyernes)
▲**Para sa Katanungan:** Gifu Prefectural Finance Division, ☎058-272-1130 (sa wikang Hapon lamang)

**Impormasyon** **Insentibo sa Buwis para sa mga Kumpanyang may Kooperasyon sa Fire- Fighting Activities**

Sa Prepektura, sinusuportahan ang mga kumpanya na nagbibigay ng oportunidad makilahok sa mga boluntaryong fire- fighting activities ang kanilang mga empleyadong kabilang sa fire brigade.

Maaring mabawasan ang business tax ng mga korporasyon o pribadong kumpanya na makakatugon sa kinakailangang mga kondisyon. Ang insentibong ito ay magpapatuloy din mula Abril 2018. Huwag palampasin ang oportunidad gamitin ito.
●**Target:** Korporasyon o pribadong kumpanya na nakakatugon sa kinakailangang kondisyon.
●**Saklaw na Buwis at Panahon:**
(Buwis ng Korporasyon) Matatapos sa pagitan ng Abril 1, 2016 hanggang Marso 31, 2020 ng bawat fiscal year.
(Buwis ng Pribadong Kumpanya) FY2017~ 2020. (Buwis na depende sa income ng taong 2016~2019)
●**Iba pa:** Walang pagbabago sa certification requirements o sa maximum na halaga ng mababawasang buwis.
●**Para sa Katanungan:** Gifu Prefectural Fire Services Division ☎058-272-1122 (wikang Hapon lamang)
●**Hanaping Salita:** 消防団　支援減税

**Ang impormasyong ito ay ayon sa kasalukuyan, Disyembre 27, 2017.**
**Para sa mga katanungan ukol sa pahinang ito, makipag- ugnayan sa Gifu Ken Public Relations Division**
☎058-272-1111（Dir. Lin.）（wikang Hapon lamang）FAX 058-278-2506
Sa pakikipagtulungan ng Gifu International Center http://www.gic.or.jp/